Ipinagbawal ng Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, na maglakbay dala ang Qur'an sa lupain ng kaaway.

Ayon kay `Abdullāh bin `Umar, malugod si Allah sa kanilang dalawa: "Ipinagbawal ng Sugo ni Allah, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, na maglakbay dala ang Qur'an sa lupain ng kaaway."

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinagbawal ng Propeta, pagpalain siya ni Allah at pangalagaan, ang pagdadala ng Qur'an at ang paglalakbay dala ito sa bayan ng mga Kāfir na hindi nagrerelihiyon ng Islam sapagkat sasailalim ito sa panghahamak doon. Kapag nanaig sa palagay ang kaligtasan laban doon, ipinahihintulot na dalhin.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5738